

Mga Hamong Kinahaharap ng mga Mag-aaral na Kankanaey

TWINKLE JOANE L. BULSAO

Graduate Student
Master of Arts in Filipino
Benguet State University
La Trinidad, Benguet
twinklejoane@gmail.com

Abstrakt — Isinagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ginamit ang pamamaraang kwalitatibo at deskriptibong disenyo. Sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga mag-aaral na Kankanaey ng Senior High School ng King's College of the Philippines, nakolekta ang mga datos na nagpapatunay sa patuloy na hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey. Ginamit ng mananaliksik ang thematic analysis ni Gioia upang itrato ang mga nakalap na datos. Kaugnay nito, ang kahirapan sa talasalitaan, pagsasalita, pagbabaybay, at pagbigkas ang lumabas na hamong nararanasan ng mga mag-aaral. Dahil sa mga hamong ito, hindi maiwasan ang pagpapalit koda, pagkabahala sa pagsasalita, pakiramdam ng hindi pagkakabilang, at kawalan ng kumpiyansa sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa tuwing kailangang gumamit ng Filipino sa pagsasalita o pakikipag-usap. Bilang tugon sa mga natuklasan, iminumungkahi na sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na Kankanaey, pagtuunan ng pansin ang kasanayan sa pagbigkas at pagsulat, bigyan sila ng pagkakataon na magsalita sa kanilang sariling wika atsaka tulungang isalin ang kanilang sinabi sa wikang Filipino, kailangan ding palakasin ang kanilang kumpiyansa sa sarili, panghuli'y gamitin ang inirekomendang intervention program para sa mga mag-aaral na Kankanaey na nahihirapan sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Mga Susing Salita — mag-aaral na Kankanaey, pagkatuto ng wikang Filipino, mga hamon sa pagkatuto ng wika, kwalitatibong deskriptibong pananaliksik, tematikong pagsusuri, pagkabalisa sa pagsasalita, unang wika bilang midyum ng pagtuturo

I. Panimula

Saligan ng Pag-aaral

Mahigit 370 milyong Indigenous People (IP) ang nakatira sa higit pa sa 70 teritoryo sa buong mundo. Sa mga bilang na ito, humigit-kumulang apat na libong grupo ang may iba't ibang etniko at wika (Tippeconnic & Faircloth, 2010). Gayunpaman, nahaharap ang mga ito sa mga karaniwang problema tulad ng mga hamon sa pagkatuto. Lumabas sa pag-aaral nina Pearce at Flanagan (2019) na may mababang antas ng pagkatuto sa bokabularyo ang mga mag-aaral. Pinatutunayan din ng ilang pag-aaral na nakaaapekto ang kultura at sikolohikal na karanasan sa pagkatuto ng bagong wika ng mga katutubong mag-aaral (Bontuyan et al., 2013), at naaapektuhan din ang fluency ng mga mag-aaral dahil sa pag-aaral ng maraming wika (Tana, 2021).

Katulad ng sitwasyong ito sa buong mundo, makikita rin sa Pilipinas ang mga hamong kinahaharap ng mga Indigenous People (IP) sa larangan ng edukasyon. Ang Pilipinas ay binubuo ng iba't ibang pangkat etniko na may kanya-kanyang katutubong wika. Batay sa Saligang Batas ng 1987 Artikulo XIV, Seksyon VI hanggang IX, ang wikang pambansa ay Filipino, at nararapat na itaguyod ang paggamit nito bilang midyum na opisyal sa komunikasyon at edukasyon. Gayunpaman, dahil iba ang unang wika ng mga Pilipinong hindi naninirahan sa Rehiyon ng Tagalog, lumalabas na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

Ayon sa pag-aaral nina Amarilla et al., (2025), ang mga mag-aaral na hindi Tagalog ang unang wika ay hirap sa pagkatuto ng wikang Filipino. Idinagdag pa ng *Summit Express* (2018) na ang pag-aaral ng Filipino ay nagiging sanhi ng *frustration* at paghihirap ng ilang mag-aaral. Pinatibay pa ito nina Amarilla et al., (2025) matapos makita sa kanilang pag-aaral sa Central Philippine Adventist College Elementary School (CPACES) na ang kakulangan sa pagsasalita ng Filipino ay nagiging hadlang sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

May ilang paniniwala naman na hindi kailangang maging matatas sa pagsasalita ng wikang Filipino; subalit, pinayo ni Batara (2023) na mahalagang ipabatid ang kahalagahan ng Filipino, sapagkat may mga mag-aaral na inuuna pa ang pag-aaral ng banyagang wika kaysa sa sariling wika. Ipinaliwanag din nina Amarilla et al., (2025) na mahalaga ang paggamit ng wikang Filipino upang mapanatili ang kultura, at tungkulin ng mga magulang at guro na ituro ito sa kabataan.

Isa sa mga grupong nakararanas ng ganitong hamon ay ang mga mag-aaral na Kankanaey, isang pangkat etniko sa Benguet na kabilang sa Indigenous People (IP) ng Cordillera Administrative Region. Sa King's College of the Philippines, isang pribadong paaralan sa Benguet, napapansin ng mga guro ng Filipino ang kahirapan ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagsasalita ng wikang pambansa. Ayon sa kanila, hindi maiwasan ng mga mag-aaral na gamitin ang wikang Kankanaey dahil nahihirapan silang maipahayag ang kanilang mga ideya sa Filipino. Sinang-ayunan ito ng punong-guro ng paaralan, at iminungkahi na pagtuunan ng pansin ang pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino.

Pinagtibay rin ito ng pag-aaral nina Payangdo et al., (2022), na nagsabing maraming salik ang nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey, kabilang na ang kakulangan sa kaalaman sa talasalitaan, wastong gamit ng mga salita, at tamang pagbigkas. Bunga nito, nawawalan sila ng tiwala sa sarili at nahihirapang magsalita ng Filipino, kaya't madalas silang nanghihiram ng talasalitaan mula sa Ingles.

Iminungkahi nina Dabalos et al., (2024) na dapat bigyang-pansin ang mga hamong ito upang matulungan ang mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang bokabularyo at maunawaan ang mga idyomatikong pahayag sa Filipino. Sa parehong direksyon, binigyang-diin nina Chato et al., (2024) na ang pagharap sa mga hamon sa pagkatuto ng wika ay nagsisilbing tawag sa kolektibong pagsisikap upang mapalakas ang kognitibong kakayahan ng mga mag-aaral at mapabuti ang kanilang kasanayan sa Filipino.

Bagamat may mga naunang pag-aaral na tumalakay sa mga pangkalahatang hamon ng mga mag-aaral mula sa Indigenous People (IP) sa pagkatuto ng wikang Filipino, kakaunti pa lamang ang nagsusuri ng mga tiyak na hadlang gaya ng kultural na hadlang, panghihimasok ng unang wika, at mga sikolohikal na epekto. Sa pag-aaral na ito, pagtutuunan ng pansin ng mananaliksik hindi lamang ang kanilang persepsyon tungkol sa mga hamon, kundi higit sa lahat ang kanilang aktwal na karanasan sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na tuklasin ang mga partikular na hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino, at suriin ang epekto ng mga ito sa kanila. Nilalayon din ng mananaliksik na makabuo ng isang intervention program para sa mga guro, sapagkat sila ang pangunahing kasama ng mga mag-aaral sa paaralan (Alonge et al., 2022). Sa pamamagitan nito, inaasahang matutulungan ang mga guro na higit na maunawaan at matugunan ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

Batayang Konseptuwal

Matutunghayan sa bahaging ito ang mga kaisipan na naging batayan ng isasagawang pag-aaral. Makikita sa bahagi ring ito ang tunguhin ng pananaliksik.

Pagkatuto ng Wika

Ang pagkatuto ng isang wika ay isang proseso ng pagsasanay at pag-unawa sa mga patakaran ng wika, tulad ng mga tuntunin sa gramatika, bokabularyo, at estruktura, upang magamit ito sa komunikasyon. Ang interaksyon sa pagitan ng kalikasan ng wika at ang pananaw sa pagkatuto ng wika ay nagbibigay liwanag sa mga guro ng wika. Ito ay kung paano napatnubayan ang mga sitwasyong nauukol sa pagkatuto at pagtuturo ng wika (Moss at Ross-Feldman, 2003). Ang pagkatuto sa wika ay nangangahulugang pagkakaroon ng malawak na karunungan kaya't nararapat na payabungin sapagkat ito ay sandata tungo sa karunungan at nang makamit ang pagkakaunawaan. Sa wika rin nakasalalay ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral at tagumpay na paghahatid ng mga ideya sa ibang tao (Payangdo, 2022).

Hamon sa Pagkatuto ng Wika

Ang hamon sa pagkatuto ng wika ay tumutukoy sa mga hadlang lingguwistiko, pedagogikal, sosyo-kultural, at institusyonal na nagpapabagal o nagpapahirap sa pagkatuto ng isang wika sa loob ng kontekstong pang-paaralan. Sa kaso ng mga mag-aaral na Kankanaey, madalas na lumilitaw ang lingguwistikong *interference* (paglilipat ng mga tunog, estruktura, at bokabularyo mula sa Kankanaey patungo sa Filipino), kakulangan ng angkop na materyales na nagbubu-bridge mula sa kanilang mother tongue tungo sa Filipino, at limitadong pagsasanay para sa mga guro sa transisyonal na pedagogiya mga salik na nagpapababa ng komprehensyon, tamang pagbigkas, at akademikong paggamit ng Filipino sa klase (Leaño, 2019; Tullay, 2024).

Dagdag pa rito, mga polisiya at implementasyon ng MTB-MLE na walang sapat na suporta (hal. kawalan ng *big books*, diksiyonaryo, at *orthography documentation*) ay napatunayang nagpapahirap sa epektibong pagtuturo at pagkatuto, at nagdudulot ng hindi balanseng exposure sa pambansang wika kumpara sa mother tongue (PIDS, 2023). Ang kombinasyon ng mga internal na salik (*linguistic transfer at motivation*) at *external* na salik (*material resources, teacher capacity, polisiya*) ay maaaring magsilbing *independent variables* na nakaaapekto sa antas ng pagkatuto ng Filipino ng mga mag-aaral na Kankanaey.

Intervention Program

Ang *intervention program* ay isang sistematikong suporta na ibinibigay ng guro o paaralan upang tulungan ang mga estudyanteng may kahinaan sa pagkatuto, na may layuning maabot nila ang itinakdang pamantayang pang-akademiko (Del Mar, 2023). Ito ay nakikita bilang isang maikling, nakapokus na pagtuturo (*short-term targeted teaching*) na nakatuon sa mga partikular na pangangailangan ng estudyante, gamit ang iba't ibang estratehiya tulad ng *tutoring, differentiated instruction, at behavioral support*.


Ang *intervention* ay hindi lamang reaktibong hakbang kundi isang maagang pagtugon upang matukoy at malunasan ang mga problema bago pa ito lumala. Ito ay *proactive* at nakasentro sa tiyak na kasanayan, sinusupportahan ng sistematikong pagsubaybay sa progreso ng estudyante (Collins, 2023). Kaugnay nito, binibigyang-diin ng Wisdomlib (2025) na ang *intervention program* ay isang planado at istrukturadong hanay ng mga aktibidad at estratehiya na idinisenyo upang tugunan ang mga tiyak na problema o hamon na kinakaharap ng isang indibidwal o grupo. Ito ay karaniwang binubuo ng mga hakbang na may layuning baguhin o pagbutihin ang kasalukuyang sitwasyon, tulad ng kalusugan, ugali, o pag-uugali ng mga kalahok.

Dagdag pa rito, sa mas teknikal na depinisyon sa larangan ng pananaliksik, ang isang *intervention program* ay kinikilala bilang mga aktibidad o interbensyon na ibinibigay sa isang *target* na populasyon, kasama ang mga tiyak na pamamaraan at oras ng implementasyon upang masukat ang epekto nito (NCBI, 2025). Ito ay hindi lamang simpleng mga gawain kundi isang komprehensibong plano na sinusukat at sinusuri upang matiyak na ang mga layunin nito ay makakamit. Sa konteksto ng edukasyon at serbisyong panlipunan, ang *intervention program* ay ginagamit upang suportahan ang mga kalahok sa pag-harap at pag-resolba ng mga espesipikong suliranin bago pa lumala ang mga ito (Fiveable, 2025).

Sa kabuoan, ipinapakita ng mga konseptong ito na ang *intervention program* ay isang *proactive*, nakapokus, at sistematikong suporta na nakabatay sa malinaw na plano, regular na pagsusuri, at pagtugon sa tiyak na pangangailangan ng mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga estudyanteng nahihirapan na makahabol, makasabay, at makamit ang inaasahang pamantayan ng pagkatuto.

Mula rito, gumamit ang mananaliksik ng Input-Proseso-Awtput (IPO) na modelo bilang gabay ng pag-aaral. Makikita sa Figyur 1 ang tunguhin ng pag-aaral. Sa input, gagamit ang

mananaliksik ng hindi binalangkas na talatanungan at pakikipanayam upang hayaan ang mga kalahok na ilahad ang kanilang iniisip at nararamdaman nang malaya. Sa proseso naman ay susuriin ng mananaliksik ang mga datos na nakalap upang makabuo ng mga tema at pattern mula sa naging sagot ng mga kalahok. Panghuli, ang magiging awtput ng mananaliksik ay isang *action plan* na irerekomenda sa mga magulang, guro, at punong guro upang matulungan ang mga ito sa hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa pagsasalita ng wikang Filipino.



Figyur 1. Paradim ng Pag-aaral

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino. Nilalayon nitong matukoy at mabigyang-diin ang sumusunod na tiyak na mga layunin:

1. Ano ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino?
2. Ano ang mga epektong idinudulot ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino?

II. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptib-kwalitatibong disenyo. Ang ganitong disenyo ay itinuturing na angkop dahil nilayon ng pag-aaral na unawain at ilarawan ang mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral na Kankanaey sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino. Sa halip na sukatin ang datos gamit ang mga numero, nakatuon ang pananaliksik na ito sa masusing pag-unawa sa mga saloobin at karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang sariling pananaw.

Populasyon at Lugar ng Pananaliskik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa King's College of the Philippines, na matatagpuan sa La Trinidad, Benguet. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga mag-aaral sa ika-11 baitang, dahil sila ang kasalukuyang kumukuha ng asignaturang *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Pinili ang mga kalahok mula sa limang strand: STEM, HUMSS, ICT, HE, at IA.

Ginamit ang *purposive sampling* sa pananaliksik kung saan ang mga piling kalahok ay mga mag-aaral na gumagamit ng wikang Kankanaey sa kanilang tahanan. Sa pamamagitan nito, matitiyak na ang kanilang unang wika ay Kankanaey na mahalagang salik sa layunin ng pag-aaral. Sa ngayon, hindi pa tiyak ang eksaktong bilang ng mga kalahok, ngunit ilalapat ang prinsipyo ng saturation, kung saan ititigil ang pangangalap ng datos kapag paulit-ulit na lamang ang mga sagot at wala nang bagong impormasyong lumilitaw.

Instrumento sa Pangangalap ng Datos

Sa pagkalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang hindi binalangkas na pakikipanayam bilang pangunahing paraan upang makuha ang mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral na Kankanaey sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino. Ang mga tanong sa panayam ay inilahad sa isang malayang paraan na may mga gabay na katanungan upang masiguro ang pagkolekta ng mahahalagang impormasyon hinggil sa mga hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

Paraan sa Pangangalap ng Datos

Nagsimula ang mananaliksik sa pagkuha ng katibayan na nagsasabing ang mananaliksik ay sumunod sa mga pamantayang etikal ng pananaliksik mula sa Research Ethics Committee. Pagkatapos nito, nagbigay ng liham pahintulot sa punongguro ng King's College of the Philippines upang mangalap ng datos.

Kasunod nito, nagbigay ang mananaliksik ng may kaalamang pahintulot at pormularyo ng pagsang-ayon sa mga magulang at kalahok, na naglalaman ng mga detalye tungkol sa layunin ng pananaliksik, ang boluntaryong paglahok, at mga hakbang upang maprotektahan ang kanilang pribasiya.

Ang haba ng bawat sesyon ng pakikipanayam ay inaasahang 10-20 minuto, at tinitiyak na ang proseso ay hindi magiging magastos sa oras o magdudulot ng labis na pagkapagod. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng sapat na oras upang maipahayag ang kanilang mga karanasan at pananaw hinggil sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Pagtrato ng mga Datos

Matapos malikom ang mga datos ay nagsagawa ng transkripsyon at tematisasyon ang mananaliksik. Ginamit ng mananaliksik ang *Gioia Methodology* upang suriin ang mga datos mula sa pakikipanayam. Sa unang hakbang, ang mga transkripsiyon mula sa mga interbyu ay sinuri upang tuklasin ang mga pangunahing tema at *pattern*. Gamit ang *inductive approach*, nagsimula ang pagsusuri mula sa mga pahayag ng mga kalahok upang bumuo ng mga konsepto sa unang antas. Ang mga konsepto sa unang antas ay gagamitin upang makabuo ng mga tema sa ikalawang antas na nagbigay ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga hamon ng mga mag-aaral. Sa huli, inilapat ang mga nabuo upang makuha ang kabuuang tema na ginamit sa pagbuo ng mga rekomendasyon (Gioia, 2013).

Etikal na Konsiderasyon

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa nang may pagsunod sa mga pamantayang etikal. Walang umiral na *conflict of interest* sa pagitan ng mananaliksik, institusyon, at mga kalahok. Sinigurado ang pagiging pribado at kumpidensyal ng lahat ng datos, na itinago sa ligtas na digital na lagakan na tanging ang mananaliksik lamang ang may akses.

Ang *informed consent* ay kinuha mula sa mga kalahok bago ang panayam. Para naman sa mga kalahok na menor de edad, kinuhanan din ng nakasulat na pahintulot mula sa kanilang magulang o tagapangalaga (*parental consent*), at *assent form* mula sa mismong estudyante bilang tanda ng kanilang boluntaryong pagsang-ayon. Ang lahat ng kalahok ay boluntaryong pinili, at walang anumang pamimilit na naganap.

Isinaalang-alang din ang pagiging bahagi ng katutubong pangkat (Kankanaey), kaya't sumunod ang mananaliksik sa naaangkop na proseso ng pagkuha ng pahintulot mula sa komunidad kung kinakailangan.

Walang direktang panganib na inasahan sa mga kalahok. Gayunpaman, kung magkaroon ng hindi inaasahang emosyonal na epekto, agad itong tutugunan. Walang bayad ang pakikilahok, ngunit inaasahang makikinabang sila sa pamamagitan ng mas angkop na mga hakbangin sa pagtuturo batay sa resulta ng pag-aaral.

III. Pagtatalakay ng Resulta

Inilahad sa kabanatang ito ang kinalabasan ng pananaliksik. Tinalakay rito ang mga kultural na hadlang na kinahaharap ng mga mag-aaral na kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino at ang epekto ng unang wika sa pagkatuto nito. Tinukoy rin ang mga sikolohikal na epekto idinudulot ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Mga Hamong Kinahaharap ng mga Mag-aaral na Kankanaey sa Pagkatuto ng Wikang Filipino

Talasalitaan

Para sa mga mag-aaral na Kankanaey, ang kakulangan sa salita ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa pakikipag-usap, pag-intindi sa aralin, at pagbibigay ng tamang tugon sa mga gawain sa klase. Lumabas sap ag-aaral na ito na limitado ang kaalaman nila sa bokabularyo sa Filipino kaya hirap sila sa pag-iintindi at pagsasalita ng wikang Filipino. Ayon sa ilang mag-aaral:

K1: Marigrigatanak ay maawatan *deep* ay *words*, nu us usarek yan sabaliy meaning 7alaki isunga malitlito ang kinakausap ma'am. (*Nahihirapan akong intindihin ang malalalim na salita. Kapag ginagamit ko ang mga ito, nagkakamali ako sa paggamit sa pangungusap kaya nalilito ang kausap ko, ma'am.*)

K2: Adayu, kamuy muyang ko et adak nadnadnge ay kali, magay kandadi ed kadan mi. (*Malayo, noong bata pa ako ay hindi ko naririnig ang ilang salitang tinalakay 7alaki, walang ganoon sa amin.*)

K9: Adak amo *translation* na sin Filipino din Kankanaey isunga marigatan ak ay mankali si Filipino. (*Hindi ko alam ang salin ng ilang salita mula sa Kankanaey tungo sa Filipino kaya nahihirapan akong magsalita ng Filipino.*)

Mula sa kanilang mga pahayag, malinaw na ang unang wika ng mga mag-aaral ay may malaking impluwensiya sa kanilang pagkatuto ng Filipino. Isa sa mga pangunahing hamon na kanilang kinakaharap ay ang pag-unawa at paggamit ng mga malalalim na salita. Ayon sa kanila, nagreresulta ito sa maling paggamit ng mga salita at nagdulot ng kalituhan sa kanilang kausap. Dagdag pa rito, gaya ng nabanggit ng ilang mag-aaral, hindi nila madalas marinig o gamitin ang ilang salita sa kanilang kinalakihan na wika kaya nagiging mahirap para sa kanila ang pag-intindi at paggamit nito. Samantala, binanggit din naman na ang kakulangan sa kaalaman sa wastong pagsasalin mula Kankanaey tungo sa Filipino ay nagiging dahilan ng kanilang kahirapan sa pagsasalita.

Ang mga obserbasyong ito ay sinusuportahan ng ilang pag-aaral. Ipinapakita nina Gawahan at Ocangas (2025) na ang kakulangan sa pagsasanay at *exposure* sa Filipino sa pang- araw-araw na komunikasyon ay nagpapalala sa suliraning ito, kaya't nagiging hamon para sa mga mag-aaral ang paggamit ng wikang Filipino nang tama at epektibo. Dagdag pa rito, sina Alico at Langga (2020) ay nag-ulat na ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa wastong paggamit ng mga salita at estruktura ng pangungusap, na nagiging sanhi ng kalituhan sa pakikipag-usap.

Gayundin, ipinakita sa pa-aaral nina Bernal et al., (2024) na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit ng Filipino sa mga akademikong gawain, at ito ay maaaring dulot ng

kakulangan sa bokabularyo at kasanayan sa pagsasalin ng mga konsepto mula sa kanilang katutubong wika. Katulad nito, binigyang-diin ni de Arce (2024) na ang kakulangan sa *exposure* sa Filipino ay isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nagiging mahirap para sa mga mag-aaral ang pag-unawa at paggamit ng malalalim na salitang Filipino.

Pagsasalita

Sa pag-aaral na ito, lumalabas na isa ang pagsasalita sa wikang Filipino ang hamon na nararanasan ng mga mag-aaral. Ayon sa ilang kalahok:

K3: Nu nemnemnemem din Tagalog yan nalakam ay maansweran din questions, ngem nu ibagam yan naligat ya adi maibela, nu i-explain mo sin kalin di Tagalog naligat ngem nu kankanaey nalawag pay, nalakay maawatan nu kankanaey. *(Kapag iniisip mo iyong sagot mo sa Tagalog madali, pero mahirap ipaliwanag sa salita. Mas madali kapag Kankanaey.)*

K4: Naligat ay mankali si Tagalog tan din naingsaan ed Ili et Kankanaey amin nu ulay sin panag-explain sin lesson et Kankanaey maus usar *(Mahirap magsalita sa Tagalog kasi nasanay ako sa Kankanaey sa amin, pati ang pagpapaliwanag ng aralin ay Kankanaey ang ginagamit.)*

K11: Nabibitin ako, tan din udom ay ibagak yan kankanaey kuma, dyay latta nu sinuy maibagak sin Filipino siduy lang di ibagak, Makukulanganak tan adak maibaga amin *(Nabibitin ako dahil iyong sasabihin ko ay nasa Kankanaey at hindi ko maisalin sa wikang Filipino kaya kung ano ang masasabi ko sa Filipino ay iyon na iyon. Nakukulangan ako sa sagot ko kasi hindi ko masabi lahat.)*

Ang pahayag ng mga mag-aaral ay nagpapaliwanag na may impluwensiya ang kanilang unang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino lalo na sa pagsasalita nito. Ayon sa sagot ng ilan, Kankanaey ang karaniwang ginagamit sa kanilang komunidad kaya't dito sila nasanay magsalita maging sa pagpapaliwanag ay ito ang ginagamit nila. Nagiging sanhi ito ng hindi nila kayang ipaliwanag sa Filipino ang mga nais nilang sabihin. Dahil dito ay pinipiling manahimik ng mga mag-aaral o iyong iba nama'y nabibitin ang sagot dahil hindi makapagpaliwanag.

Pinatunayan ito ng pag-aaral nina Amarilla et al., (2025) matapos matuklasang ang mga mag-aaral sa Visayas ay nahihirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino dahil sa kanilang unang wika. Hindi rin sila sanay sa pagsasalita ng wikang Pambansa dahil ang mga tao sa kanilang paligid tulad ng mga kaibigan, kaklase at guro ay kinakausap sila sa Ingles o sa kanilang wikang katutubo.

Pagbabaybay

Lumalabas sa pag-aaral na ito na isa ang pagbabaybay sa mga pangunahing hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino, lalo na sa mga mag-aaral na patuloy na nag-aangkop sa pambansang wika bilang ikalawang wika. Ayon sa ilang mag-aaral:

K18: Mankamaliak sin *spelling*, baka gapu sin *first language* ko et Kankanaey tan nu gamin sin Kankanaey yan din mostly ay maus usal et din “e”, siya din naingsaan, “e” amin magay “I” sin us usaren mi. (*Nagkakamali ako sa pagbabaybay, baka dahil Kankanaey ang unang wika ko kasi karaniwang ginagamit 9alaki ay ‘e’ at walang ‘I’.*)

K19: Din “o” ya “u” yan adi amoy mangusaran sin tagalog ya, tan man isu ay “o” din panang-awat metlang ay, sin kankanaey yan way mangusar si “o” way mangusar si “u” kamn din obla uno ubla (*Hindi ko alam kung kailan dapat gamitin ang “o” at “u” kasi parehas na “o” pa rin naman ang sa tingin na ibig sabihin. Parehas na ginagamit kasi ito sa Kankanaey, may gagamit ng “o” may gagamit ng “u”.*)

K21: Nu Filipino ket “o” ken “u”, nu kankanaey mostly us usaren mi ket day “u”. (*Nalilito ako sa palitang “o” at “u”, ang karaniwang ginagamit kasi 9alaki sa Kankanaey ay “u”.*)

Mula sa panayam, lumabas na nahihirapan ang mga mag-aaral sapagkat hindi nila alam kung kailan gagamitin ang mga nagpapalitang letrang “e” at “I,” gayundin ang “o” at “u,” sa pagbabaybay ng mga salita. Makikitang may kaugnayan pa rin ito sa kanilang unang wika sapagkat ang itinuro at nakagisnan nila ay ang paggamit ng iisa lamang na letra. Isang mag-aaral ang nagsabing “e” ang karaniwang ginagamit nila, samantalang isa naman ang nagsabing “u” ang madalas nilang gamitin. Mayroon ding nagsabi na ginagamit nila ang “o” at “u” nang salitan, depende sa gumagamit o sa nakasanayang paraan ng pagsulat.

Napatunayan sa pananaliksik nina Cagbabanua at Orosca (2022) na nananatiling hamon sa maraming mag-aaral ang pagbabaybay ay sapagkat nahihirapan silang itugma ang tunog sa mga simbolong grapemiko, lalo na sa mga salitang may digrapo. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na ang mga kamaliang ito ay nag-ugat sa kakulangan ng pag-unawa sa ponolohiya ng wikang Filipino at sa impluwensiya ng Ingles bilang unang wikang ginagamit sa paaralan.

Dagdag pa rito, tinukoy nina Laxamana et al., (2021) ang kawalan ng konsistensi sa pagbabaybay ng mga hiram na salita sa mga aklat pangkolehiyo, na nagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral hinggil sa istandard na paraan ng pagsulat sa Filipino. Ipinapakita ng ganitong sitwasyon na kahit sa mga pormal na sanggunian ng pagkatuto, nananatiling hamon ang paggamit ng iisang pamantayan sa ortograpiya.

Samantala, ipinakita nina Macarimbang et al., (2023) sa kanilang *action research* na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mas mataas na kasanayan sa pagbabaybay sa tulong ng mga interaktibong estratehiya sa pagtuturo, tulad ng *word-paragraph discrimination strategy*. Ipinapahiwatig nito na ang kahinaan sa pagbabaybay ay hindi lamang bunga ng kakulangan sa kaalaman 37alak maaari ring maiugnay sa paraan ng pagtuturo at antas ng motibasyon ng mga mag-aaral.

Ayon naman kina Pantanosas et al., (2024), ang pagbabaybay ay isang kasanayan na nangangailangan ng sistematikong paglinang, lalo na sa mga salitang may tiyak na anyo at tunog gaya ng mga numero sa wikang Filipino. Sa kabilang banda, binigyang-diin ni Relator (2024) na ang pagbabaybay ay mahalagang sangkap ng kabuuang kasanayan sa pagsulat, sapagkat ang mga kamalian dito ay nagpapakita ng kakulangan sa disiplina, kaalaman, at pag-unawa sa wika.

Pagbigkas

Mula sa pakikipanayam, lumabas na nahihirapan din ang mga mag-aaral sa pagbigkas ng ilang termino dahil sa iba't ibang dahilan. Ayon sa ilan:

K14: Nabubulol ako pag nagsasalita ng Tagalog.

K20: Makatikaw din pronunciation, narigat ay mai-memorize patin meaning na kaysa sin *English* ay nalaklaka ex. *Objective*=obhektibo (*Nakalilito ang pagbigkas kasi mahirap kabisaduhin pati ang kahulugan niya kaysa sa Ingles na mas madali.*)

K21: Nahihirapan din ako sa tamang panlapi at pagbigkas dahil may tunog sa Filipino na wala sa aming wika.

Ang kanilang mga kasagutan ay nagpapahiwatig ng pagkabulol, pagkalito, at hirap sa pagbigkas ng mga salitang Filipino. Maiuuri pa rin ito sa impluwensya ng kanilang unang wika sapagkat, ayon sa isang mag-aaral, may mga tunog sa Filipino na wala sa kanilang wika. Lumabas din ito 10alaki-aaral nina Payangdo et al., (2022), kung saan tinalakay ang wikang Kankanaey at napag-alamang ang mga patinig na a, I, e, o, u ay magkapareho sa patinig ng Wikang Filipino. Ang kaibahan lamang ay mangilan-ngilan lamang ang mga salita sa Kankanaey na gumagamit ng tunog na o, at kadalasan ay mas maraming tunog na *schwa* kaysa sa tunog na /e/ at /o/. Ito ang maaaring nagiging dahilan ng pagkabulol ng ilang mag-aaral kapag nagsasalita sa wikang Filipino.

Lumabas din na mas mahirap kabisaduhin ang bigkas ng mga salitang Filipino sapagkat nasanay na ang mga mag-aaral sa Ingles, posibleng siyang unang wikang ipinakilala sa kanila. Ayon nga sa EF English Proficiency Index (2017), isa ang Pilipinas sa mga bansa sa Asya na mahusay sa pagsasalita ng Ingles. Bukod dito, sinasabi na mas magaling magsalita ng Ingles ang mas nakababatang henerasyon kumpara sa mga nakatatanda. Iniuugnay ng ilan ito sa gawi ng maraming magulang na Pilipino na halos palaging makipag-usap sa kanilang mga anak sa Ingles.

Mga Epektong Idinudulot ng Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Wikang Filipino

Pagpapalit ng Koda

Isa sa mga epektong dulot ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino ay ang pagpapalit ng koda. Ang pagpapalit sa pagitan ng Kankanaey at Filipino ay halos hindi maiiwasan. Halos lahat ng kalahok ay nagbanggit ng kanilang karanasan sa pagpapalit ng koda dahil sa iba't ibang dahilan. Ayon sa ilan sa kanila:

K14: Maminsan man mimix ek din kankanaey ya Filipino, nu pas pasak nga agkali ket mamimix ko, maliplipatak diyay words. (*Minsan pinaghahalo ko ang Kankanaey at Filipino. Kapag mabilis akong magsalita, pinaghahalo ko kasi nakakalimutan ko ang mga salita.*)

K16: Sa *reporting* po minsan Kankanaey word ang lumalabas, medyo mahirapan sa mabilisang pagtranslate.

K21: May mga pagkakataon na naghahalo ang Kankanaey at Filipino kapag nahihirapan akong makahanap ng tamang salita.

Mula sa sagot ng mga mag-aaral, ang kanilang pagpapalit ng koda ay dulot ng kahirapan nila sa pagsasalin ng ilang terminong Kankanaey sa wikang Filipino. Pinatunayan ito ng pag-aaral ni Raymunde (2024) na nagsabing ang mga mag-aaral ay gumagamit ng *code-switching* bilang paraan upang maipahayag nang mas malinaw ang kanilang kaisipan kapag nahihirapan silang bumuo ng pangungusap sa wikang pangalawa. Ipinakita rin sap ag-aaral ni Magallanes (2023) na ang *code-switching* ay nagiging isang mabisang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto sapagkat nakatutulong ito sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang ideya sa kabila ng kakulangan sa bokabularyo o kakayahan sa pagsasalin. Sa ganitong pananaw, malinaw na ang paggamit ng *code-switching* o pagpapalit ng tunog at wika ay maaaring bunga ng pagsisikap ng mga mag-aaral na tulayin ang agwat sa pagitan ng kanilang katutubong wika at ng wikang Filipino.

Pagkabahala sa Pagsasalita

Ang pagkabahala sa pagsasalita ang isa ring lumabas na epekto ng mga hamong naranasan ng mga mag-aaral. Marami sa mga mag-aaral ang nababahala kapag tinatawag ng kanilang guro upang magbahagi ng kanilang ideya. Ayon sa ilang mag-aaral:

K5: Basta nu saken et permi ay mankekeb kebak kaman adak makaibaga. (*Basta ako sobra ang kaba ko parang hindi ko maibabahagi ang gusto kong sabihin.*)

K13: Agkebekbak, nu agnernerbyus ak i-eng *English* kon day hanku amo nga term ti Filipino. Mas komportable ak nu *English*. (*Kapag kinabahan ako, nagsasalita ako ng Ingles kapag hindi ko alam ang termino sa Filipino. Mas komportable ako kapag Ingles.*)

K17: Kinakabahan po, kaya mag-iisip pa ako ng ilang 11alaki bago ako magsalita para safe. Naranasan ko na po manginig ang boses sa pakikipagsalita using Filipino

K19: Kinakabahan ako tuwing magsasalita ng Filipino sa harap ng klase dahil baka magkamali ako.

Mula sa sagot ng mga mag-aaral, lumalabas na kinakabahan sila tuwing nagsasalita sa wikang Filipino. Ipinaliwanag ng isang kalahok na mas komportable itong magsalita sa Ingles. Ayon dito, kapag hindi niya maisip ang sasabihin sa Filipino, Ingles na lang ang kanyang ginagamit. Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Salayo at Amarles (2020) na ang mataas na antas ng *language anxiety*, particular sa pagsasalita sa pangalawang wika ay may negatibong ugnayan sa kumpiyansa ng mga mag-aaral at sa aktwal nilang paggamit ng target na wika.

Ibinahagi naman ng isang mag-aaral ang panginig ng kaniyang boses kapag nakikipagtalastasan gamit ang wikang Filipino. Isa na ring salik sa kaba ng ilang kalahok ang pag-iisip na baka magkamali ang mga ito. Sinusupurtahan ito ng pag-aaral ni Galdonez (2023) na nagpapakita ng “*moderate anxiety*” sa pagsasalita ng wikang Filipino ($\bar{x} = 3.19$) sa mga Grade 12 na ma-aaral, kasama ang mga pisikal na sintomas gaya ng *self-doubt* at pangamba sa tingin ng iba.

Pakiramdam ng Hindi Pagkakabilang

Ang pakiramdam ng hindi pagkakabilang din ay lumabas na epekto sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Ang pakiramdam na ito ay nagmumula sa iba’t ibang dahilan. Ayon sa ilang mag-aaral:

K3: May pagkakaiba kala han ka nga belong ijay nga klase kasi kwan iba yong language, ngem nu kankanaey usarek belong ak. (*Ramdam kong hindi ako kabilang sa klase kasi iba ang wika, pero kapag Kankanaey ang ginagamit ay nararamdaman kong kabilang ako.*)

K15: Iyong *feeling* po na parang papunta pa lang ako pabalik na sila kasi mas may kaalaman na sila. *Example* po is iyong malalalim na salita, vocabulary, naka move na sila sa word na iyon, hinahanap ko pa ibig sabihin.

K18: Minsan ramdam ko ang pagkakaiba 12alaki sa klase dahil iba ang karanasan ko kumpara sa nakasulat na aralin.

Sa pakikipanayam ay napagtantong nakararamdam ang mga mag-aaral ng hindi pagkakabilang sa klase dahil ayon sa isang mag-aaral, iba ang nakasanayan niyang wika. Lumabas ito sap ag-aaral nina Amarilla et al., (2025) nang ipaliwanag nilang hindi nagsasalita o nakaririnig ang mga mag-aaral ng Filipino kahit sa kanilang mga kalaro. Bukod sa iba ang nakasanayang wika ng mga kalahok ay iba rin ang karanasan nila sa natatalakay na aralin sa loob ng silid aralan. Dito lalabas ang estratehiyang pag-uugnay ng mga guro ng aralin sa totoong buhay na malapit sa karanasan ng kanilang komunidad.

Ipinaliwanag din ng isang mag-aaral ang pakiramdam nitong siya'y napag-iiwanan dahil matagal bago nito maproseso ang napag-aralang mga salita sa Filipino. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Del Mundo at Velasco (2025) matapos ipahiwatig na para sa mga mag-aaral na hindi Tagalog ang unang wika, mas 40alaki ang epekto ng kahinaan sa *phonological processing* sa kanilang kakayahan sa *oral language*, ibig sabihin, mas matagal o mas mahirap para sa kanila ang pagproseso ng mga salita at tunog sa *target* na wika.

Kawalan ng Kumpiyansa sa Pagsasalita

Isa pang nabanggit ng mga mag-aaral na epekto ng karanasan nila sa pagkatuto ng wikang Filipino ay ang kawalan ng kumpiyansa nila sa sarili pagdating sa pagsasalita ng wikang Filipino. Lumalabas na mababa ang tiwala nila sa sarili nila sa pagsasalita ng wikang Pambansa kaya mas pinipiling huwag magbahagi. Ayon sa ilang kalahok:

K6: Mababain nu maminsan, tanduy nu maminsan nu mankalkali ak si tagalog yan adik amo nu usto din ibagbagak uno aga. (*Nahihiya ako minsan kasi hindi ko alam kung tama o mali iyong sinasabi ko.*)

K7: Mawie wierdan sin iyat koy mankalkalis tagalog ay kaman sabsabali, gagangay nan gen adi tan pag kankanaey naus usar ay language et gagangay nay man ad *adapt* tako paylang si Filipino. (*Pakiramdam ko ay weird ang pagsasalita ko. Sa tingin ko'y dahil nasanay na ako sa pagsasalita ng Kankanaey.*)

K8: Mabawasan *confidence* ko nu maminsan tan mabain ka, adik et layden ay mankali. (*Nababawasan ang kumpiyansa ko minsan kaya ayoko nalang magsalita.*)

K20: Minsan bumababa ang kumpiyansa ko lalo na kapag nakakaranas ng pagkakamali.

Ibinahagi rin ng ilang mag-aaral na nangyayari sa kanila ang pakiramdam ng pagkakahiya dahil hindi nila alam kung tama o mali ang kanilang sinasabi sa wikang Filipino. Dahil dito, madalas nilang pinipiling huwag na lang magsalita. Ayon sa isa pang kalahok, dahil sa mga naranasang pagkakamali noon, nababawasan ang kaniyang kumpiyansa sa pagbabahagi sa

Filipino. Bukod dito’y lumabas na may epekto pa rin ang unang wika, ipinahayag ng isang mag-aaral na “weird” ang kaniyang nararamdaman kapag nagsasalita sa Filipino dahil sa tingin niya’y mas sanay siyang mag-Kankanaey.

IV. Kongklusyon

Batay sa mga resulta, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon;

1. Maraming hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ng wikang Filipino. Ang talasalitaan, pagsasalita, pagbabaybay, at pagbigkas ang humahamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey.
2. Ang epekto ng mga hamong ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ay ang pagpapalit ng koda, pagkabahala sa pagsasalita, pakiramdam ng hindi pagkakabilang, at kawalan ng kumpiyansa sa pagsasalita.

V. Rekomendasyon

Mula sa mga kongklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na Kankanaey, pagtuunan ng pansin ang kasanayan sa pagbikas at pagsulat.
2. Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magsalita sa kanilang sariling wika atsaka tulungang isalin ang kanilang sinabi sa wikang Filipino.
3. Pagtuunan ng pansin ang pagpapalakas ng kumpiyansa sa sarili ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng pambansang wika upang maiwasan ang pagkabahala sa pagsasalita, pakiramdam ng hindi pagkakabilang at kawalan ng kumpiyansa sa pagsasalita.
4. Gamitin ang *intervention program* na inirekomenda upang matugunan ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Iminumungkahing *Intervention Program*

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inilahad ang mga pangunahing hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral na Kankanaey sa pagkatuto ng wikang Filipino, tulad ng kahirapan sa talasalitaan, pagsasalita, pagbabaybay, at pagbigkas, pati na rin ang mga sikolohikal na epekto nito gaya ng pagkabahala at kawalan ng kumpiyansa sa pagsasalita. Bilang tugon sa mga hamong ito, binuo ang sumusunod na *intervention program* na naglalayong mapaunlad ang kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral at mapalakas ang kanilang kumpiyansa sa paggamit ng wikang pambansa. Idinisenyo rin ito batay sa resulta ng pananaliksik at maaaring baguhin ayon sa konteksto ng paaralan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Layunin ng Programa: Mapaunlad ang kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral na Kankanaey sa talasalitaan, pagsasalita, pagbabaybay, at pagbigkas, at mapalakas ang kanilang kumpiyansa sa paggamit ng wikang Filipino.				
Inaasahang Bunga: Mas malawak na bokabularyo sa Filipino, mas malinaw at mas kumpiyansang pagsasalita, nabawasan ang code-switching dulot ng kakulangan, at mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral				
Layunin	Mga Gawain	Tagapagpatupad	Tagal/ Oras	Ebalwasyon
Mapalawak ang talasalitaan sa Filipino	• Pagbuo ng Kankanaey-Filipino word bank • Semantic mapping at larong pangwika	Guro sa Filipino	2 Linggo (1-2 sesyon/ linggo)	<i>Pre-test at post-test sa bokabularyo</i>
Mapahusay ang kasanayan sa pagsasalita	• Think-Speak-Translate (Kankanaey → Filipino) • Maliit na pangkatang talakayan	Guro sa Filipino	2 Linggo	<i>Oral performance rubric at obserbasyon</i>
Mapabuti ang pagbabaybay at pagbigkas	• Ponolohikal drills (e/i, o/u) • Guided dictation at spelling notebook	Guro sa Filipino	2 Linggo	<i>Spelling at pronunciation checklist</i>
Mabawasan ang kaba at mapataas ang kumpiyansa	• Safe talk circles • Positibong feedback at formative assessment	Guro / Guidance Counselor	1-2 Linggo	<i>Self-assessment at reflection journal</i>
Mapalakas ang pakiramdam ng pagkakabilang	• Paggamit ng lokal na kultura at karanasan sa aralin • Pagbabahagi ng kwento sa sariling wika na isinasalin sa Filipino	Guro sa Filipino	Tuloy-tuloy habang programa	Obserbasyon ng partisipasyon

Talahanayan 1: Iminumungkahing Intervention Program para sa mga mag-aaral na Kankanaey

TALASANGGUNIAN

- [1] Alico, J. & Langga, P. M., (2020). Students' Proficiency and Challenges in Filipino-to-English Translation: The Case of Filipino Senior High School Students in a Private Institution. https://www.researchgate.net/publication/341040654_Students'_Proficiency_and_Challenges_in_Filipino-to-English_Translation_The_Case_of_Filipino_Senior_High_School_Students_in_a_Private_Institution
- [2] Alonge, A. S., Francis, E., & Ogunmola, O. M. (2022). Methods, techniques, and questioning behaviour teachers adopt in poetry lessons in selected secondary schools in Ibadan. *International Journal of Academic Studies in Social Science and Education*, 7(1), 19–25.
- [3] Amarilla, A., et.al. (2025) It's hard to speak Filipino, why is that? *South Florida Journal of Development*, Miami, v.6, n.2. p. 01-12, 2025. ISSN 2675-5459

- [4] Batarra, J. A. (2023). Why You Should Encourage Your Child to Love the Filipino Language. The Asian Parent. [https://ph.theasianparent.com/encouragechild-love-filipino language#:~:text=It's%20what](https://ph.theasianparent.com/encouragechild-love-filipino-language#:~:text=It's%20what)
- [5] Bontuyan Jr JB, Luspo AMB, Salazar MS, San Jose AE (2013). Difficulties and Triumphs in Learning a Target Language: Indigenous Students in Focus. *Natura*, 17(12):1-8.
- [6] Bernal, A. I. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Ranque, K. M. I., (2024). Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. *International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education*, 3(3), 307–314. <https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08>
- [7] Cagbabanua, C., & Orosca, R. (2022). Pagbabaybay: Isang pagsusuri sa lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 2(6). <https://www.ijams-bbp.net/archive/vol-2-issue-6-june/pagbabaybay-isang-pagsusuri-sa-lebel-ng-kasanayan-ng-mga-mag-aaral-sa-wikang-filipino>
- [8] Collins, P. (2023). Intervention vs. remediation: What is the difference? *EssayService*. <https://essayservice.com/blog/intervention-vs-remediation>
- [9] Chato, M.N., Fajardo, R.N., Gaddi, A., Langres, C., Mendoza, R.K., Pabas, H.M., Sumania, F.N.A. (2024, July) Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang. *International Journal of Research (IJR)*. https://www.researchgate.net/publication/382651052_Antas_ng_Hamon_sa_Pag-aaral_ng_Wikang_Filipino_ng_mga_Mag-aaral_sa_Ikalabing-isang_Baitang
- [10] Dabalos, L.J., Lausa, M., Leopoldo, D.R. (2024) Mga Hamon ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino sa Senior High School. *THE American Journal of Humanities and Social Sciences Research (THE AJHSSR)*.
- [11] https://www.theajhssr.com/vol-7-iss-2/THEAJHSSR_F0706307801020.pdf
- [12] de Arce, R. O. (2024, Disyembre 18). Overcoming the barriers: The challenges in learning Filipino language among elementary students. *Medium*. <https://medium.com/%40rdolvedrc/overcoming-the-barriers-the-challenges-in-learning-filipino-language-among-elementary-students-d199a98f5550>
- [13] DEL MAR, Z. (2023, April 5). What is intervention in education? Insights for K–12 educators. *HMH*. https://www.hmhco.com/blog/what-is-intervention-in-education?srsltid=AfmBOoohUhJGz333y2q_JBIgAM9pSTCZ-0or6SBipLBbt8zgktrjsct&
- [14] Del Mundo, D. B., & Velasco, C. Q. (2025). Phonological processes and oral language proficiency as moderated by ethnolinguistic group. *International Journal of Social Science Humanity & Management Research*, 4(06), 1130–1139. <https://doi.org/10.58806/ijsshmr.2025v4i6n14>
- [15] EF English Proficiency Index. (2017). *Education First*. https://www.ef.com/assetscdn/WIB_Iwq6RdJvcD9bc8RMd/cefcom-episite/reports/2017/ef-epi-2017-english.pdf
- [16] Fiveable. (2025). Intervention program definition – AP psychology key term. <https://fiveable.me/key-terms/ap-psych/intervention-program>
- [17] Galdonez, D. P. G. (2023). Filipino language anxiety among science high school students. *International Research Journal of Science, Technology, Education, and Management*. <https://doaj.org/article/d8ac76fbbca943dbaf00422a17cfe092>
- [18] Gioia, D. A., Corley, K. G., & Hamilton, A. L. (2013). Seeking qualitative rigor in inductive research: Notes on the Gioia methodology. *Organizational Research Methods*, 16(1), 15–31. <https://doi.org/10.1177/1094428112452151>

- [19] Laxamana, J., De Guzman, L., Razon, R., & Yambao, R. (2021). Isang pagsusuri sa konsistensi sa pagbabaybay sa Filipino ng mga salitang hiram sa mga aklat pangkolehiyo: Basehan sa istandardisasyon ng wikang Filipino. De La Salle University Animo Repository. Retrieved from https://animorepository.dlsu.edu.ph/faculty_research/6232
- [20] Leño, A. J., Norfishah, M., & Grace, E. (2019). Speaking difficulties of Philippine indigenous learners in English phonology. *South East Asia Curriculum Journal / SAECJ*.
- [21] <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1239659.pdf>
- [22] Magallanes, J. R. D. (2023). Code-switching in focus: The standpoints of language learners in an ESL classroom. *Southeast Asian Journal of Language Education*, 9(1), 45–59. <https://www.journal.qiteplanguage.org/index.php/sjle/article/download/7/5/10>
- [23] Macarimbang, S., & Mangondato, A., & Pandapatan, H. (2023). Improving spelling proficiency in Filipino through word-paragraph discrimination strategy. *International Journal of Linguistics, Literature and Culture*, 9(2). <https://journal-center.litpam.com/index.php/ijlic/article/view/2668>
- [24] Moss, D. & Ross-Feldman, L. (2003). Second language acquisition: What the research suggests. CAELA Network, Center for Applied Linguistics. Retrieved from https://www.cal.org/caela/esl_resources/digests/SLA.html
- [25] NCBI Bookshelf. (2025). Designing, conducting, and analyzing programs within the preventive intervention research cycle. U.S. National Library of Medicine. <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/books/NBK236300/>
- [26] Ocangas, R. Z., & Gawahan, R. L. (2025). Teachers’ practices: Its effects to students’ reading skills in Filipino. *International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS)*, 9(03), 1314–1328. <https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.903SEDU0102>
- [27] Pantanosas, M., et al. (2024). Pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbaybay at pagbigkas ng mga numero sa wikang Filipino. ResearchGate. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/393842119_Pagpapaunlad_ng_Kasanayan_sa_Pagbaybay_at_Pagbigkas_ng_mga_Numero_sa_Wikang_Filipino
- [28] Payangdo, J., Sagayo, E., Tomas, D. (2022) Pagkatuto Ng Mga Mag-aaral Na Kankanaey Ng Wikang Filipino Bilang Pangalawang Wika. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies* (IJAMS). https://www.researchgate.net/publication/383038106_Pagkatuto_ng_mga_Mag-aaral_na_Kankanaey_ng_Wikang_Filipino_Bilang_Pangalawang_Wika
- [29] Pearce WM, Flanagan K (2019). Language abilities of indigenous and non-indigenous Australian children from low socioeconomic backgrounds in their first year of school. *Int. J. Speech-Language Pathology*, 21(2):212-223.
- [30] Philippine Institute for Development Studies (PIDS). (2019/2023). Use of first language or mother tongue does not work in the Philippines [News / policy summary]. PIDS. <https://www.pids.gov.ph/details/news/in-the-news/use-of-first-language-or-mother-tongue-does-not-work-in-the-philippines>
- [31] Raymunde, P. P. Jr. (2024). Between the languages: Delineating the motives and attitudes of language learners towards code-switching. *Journal Corner of Education, Linguistics, and Literature*, 3(4), 332–341. <https://doi.org/10.54012/jcell.v3i4.279>
- [32] Relator, J. P. (2024). Kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng Criminology [Writing proficiency in Filipino of Criminology students]. *PANTAO International Journal*, 5(4). Retrieved from <https://pantaointernationaljournal.com/2025/08/12/publication-403->

writing-proficiency-in-filipino-of-criminology-students-kasanayan-sa-pagsulat-sa-filipino-
ng-mga-mag-aaral-ng-criminology

- [33] Salayo, J., & Amarles, A. M. (2020). Relationship between Anxiety in Second Language Learning and Motivation Orientation: The Case of Young Filipino Learners. *International Journal of Language and Literary Studies*, 2(2), 191–209. <https://doi.org/10.36892/ijlls.v2i2.237>
- [34] Summit Express (2018). DepEd admits students “Struggle” with learning Filipino, Panitikan under K-12. <https://www.thesummitexpress.com/2018/11/depd-admits-students-struggle-with-learning-filipino-literature-under-k-12.html>
- [35] Tana, N. R. (2021). Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students. *Interdisciplinary Journal of Applied and Basic Subjects*, 1 (12) 1-12. <https://visnav.in/ijabs/article/factors-influencing-the-level-of-filipino-language-proficiency-among-secondary-students/>
- [36] Tippeconnic, J. W., III, & Faircloth, S. C. (2010). The education of indigenous students. In *International Encyclopedia of Education* (3rd ed., pp. 661–666). Elsevier Ltd. <https://doi.org/10.1016/B978-0-08-044894-7.00123-8>
- [37] Tullay, R. B., & Pelila, J. R. O. (2024). Assessment of Kankanaey language resources: A document review [PDF]. https://www.researchgate.net/profile/John-Rey-Pelila/publication/389272153_Assessment_of_Kankanaey_Language_Resources_A_Document_Review/links/
- [38] Wisdomlib. (2024). Intervention program: Significance and symbolism. <https://www.wisdomlib.org/concept/intervention-program>